# 1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 9:
## Natutukoy ang Kailanan ng Pangngalan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino1_Modyul9

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 9: Natutukoy ang Kailanan ng Pangngalan**
**Kompetensi: Natutukoy ang Kailanan ng Pangngalan**
**Competency Code: F1WG-IIc-f-2.1, Quarter 2 Week 6**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produktoo brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapangmatunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales.Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulotmula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng EdukasyonKalihim:
Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat | : | Irene P. Bucahan |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado, Charibel F. Guillermo |
| Tagaguhit | : | Domingo G. Radam |
| Tagalapat | : | Rozen D. Bernales, Jannibal A. Lojero |

| | | |
|---|---|---|
| Tagapamahala: | Benjamin D. Paragas | Jessie L. Amin |
| | Octavio V. Cabasag | Rizalino G. Caronan |
| | Romel B. Costales | Jorge G. Saddul, Sr. |
| | Felimendo M. Felipe | Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 9:
## Natutukoy ang Kailanan ng Pangngalan

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral satahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulongo estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Lesson 9

# Pagtukoy ng Kailanan ng Pangngalan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang matututuhan mong matukoy ang mga kailanan ng pangngalan. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang makilala at magamit nang wasto ang mga pantukoy na **ang** at **ang mga**.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Tamang gamit ng mga pantukoy na **ang** at **ang mga**

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Matutukoy ang kailanan ng pangngalan
- Magagamit ng tama ang mga pantukoy na **ang** at **ang mga**.

# *Subukin*

**Panuto:** Tingnan mo ang mga larawan sa ibaba. Isulat mo ang **<u>Ang</u>** o **<u>Ang mga</u>** sa patlang na tumutukoy sa larawan.



1.__________eroplano



2.__________bubuyog



3.___________bata



4.__________kamatis



5._________doktor



6.__________lapis

## *Balikan*

**Panuto:** Pagtugmain mo ang pantukoy sa Hanay A sa angkop na larawan sa Hanay B gamit ang linya.



1. Ang





2. Ang mga






3. Ang



4. Ang mga







*Mga Tala para sa Guro*

Ang modyul na ito ay tumutugon sa aralin tungkol sa pagtutukoy ng kailanan ng pangngalan. Ang mga gawain na naiatang para sa bata aymaaring maging gabay ng guro sa pagbibigay ng mga karagdagang gawain upang mahubog ang bata sa pagtutukoy ng mga kailanan ng pangngalan.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Makinig sa babasahing kuwento. Sagutin ng pasalita ang mga tanong.

Napagod na si Peles sa maghapong paglalaro at pamamasyal. Kaya nang makita niya ang malalagong halamanan naisip niyang magtanim na rin.

Inihanda niya ang kaniyang mga gagamitin:

Ang  na pambungkal ng lupa.

Ang mga  na ibinigay sa kaniya.

Araw ng linggo, itinanim niya ang mga  Lunes, wala pang sibol ang kaniyang tanim, kaya patuloy siyang naghintay.

Martes, sinindihan niya ang mga  upang magbigay ilaw sa kaniyang mga tanim.

Miyerkoles, ang mga kaibigang  ay inimbitahan upang magbigay sigla sa mga mga tanim.

Huwebes, ang mga  naman ang kaniyang dinala

upang basahan ang kaniyang mga tanim.

Biyernes, ang  naman ang kaniyang, naisipangilagay.

Sabado, laking tuwa ni Peles. Nakita rin niya sawakas ang mga  ng kaniyang tanim.

Ilang araw pa ang lumipas, mapupula at malalakingang mga  makikita sa kaniyang hardin.

## Suriin

**Panuto:** Sagutan mo ang mga katanungan sa ibaba.

- Ano-ano ang makikita sa bawat larawan?
- Alin sa mga nasa larawan ang iisa?
- Alin sa mga larawan ang marami?
- Ano ang ginamit na salita upang sabihin kung ilan ang bawat isa?

| |
|---|
| Ginagamit ang salitang **ang** kapag ang tinutukoy ay isang pangngalan lamang. |
| Ginagamit naman ang salitang **ang mga** kapag tinutukoyang dalawa o higit pang mga pangngalan. |

## *Pagyamanin*

### Gawain 1

**Panuto:** Isulat mo sa patlang kung **<u>ang</u>** o **ang mga** ang tamang gamit na pantukoy sa bawat larawan sa ibaba.

1. 

______________________________

2. 

______________________________

3. 

______________________________

4. 

______________________________

5. 

______________________________

## Gawain 2

**Panuto:** Pag-aralan mo ang mga larawan. Sabihin mo kung alin sa mga ito ang kailangan mo upang maging malusog. Gamitin ang mga pantukoy na **ang** o **ang mga**.

Hal. <u>Ang gatas ay nagbibigay lakas sa ating katawan.</u>






## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ng wastong sagot ang patlang sa ibaba.

Ang **ang** ay ginagamit kung tumutukoy ng __________________ bagay. Ang **ang mga** naman ay ginagamit kung tumutukoy ng _ ______________________________________bagay.

## *Isagawa*

**Panuto:** Bilugan mo ang tamang sagot upang mabuo ang pangungusap.

1. ( Ang , Ang mga ) pala ang pambungkal ng lupa.
2. ( Ang , Ang mga ) buto ng kamatis ay itinanim ni Peles.
3. ( Ang , Ang mga ) kaibigang palaka ay nag-iingay sabukid.
4. ( Ang , Ang mga ) pantabing na kumot ay kinuha din ni Peles.
5. ( Ang , Ang mga ) kandila ay sinindihan upang magbigay liwanag.

## *Tayahin*

**Panuto:** Buoin ang bawat pangungusap sa pamamagitan ng pagsulat ng **ang** o **ang mga** sa patlang.

1. __________pagtatanim ay mahalaga sa bawat pamilya.
2. __________lola ni Alvin ay masipag magtanim ng gulay.
3. Nagulat______________tao sa sinabi ng kanilang pangulo.
4. Tuwang-tuwa si Peles nang makita_______________tanim na kamatis.
5. Sariwa______________gulay at prutas sa bukid.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumuhit ng mga bagay na maaring tumulong sa pagpapanatili ng malusog na katawan. Isulat ang pangalan ng larawan sa patlang. Gamiting **clue** ang pantukoy na ginamit sa ibaba upang malaman kung ilang bagay ang iguguhit.

Ang__________________

Ang mga ________________

Ang______________

Ang mga ________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Gawin 2

1. ang
2. ang mga
3. ang
4. ang mga
5. ang
6. ang mga

**Balikan**

1. 
2. 
3. 
4. 

**Pagyamanin**

Gawin 1

1. ang
2. ang mga
3. ang mga
4. ang mga
5. ang

**Isagawa**

1. ang
2. ang mga
3. ang mga
4. ang
5. ang mga

**Tayahin**

1. ang
2. ang
3. ang mga
4. ang mga
5. ang mga

**Isaisip**

1. Isang
2. Dalawa o mahigit pang

## *Sanggunian*

Sancho C. Calatrava, (2017).Bumasa at Sumulat Filipino 1, Kagamitan ng Mag-aaral (Unang Edisyon). Koreang Prinpia Co.,Ltd.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph